

## OPISYAL NA PAHAYAG

Hunyo 11, 2020

Pakikipag-ugnay: Alejandra (Alex) Basquez, 562.570.6140, [Alex.Basquez@longbeach.gov](mailto:Alex.Basquez@longbeach.gov),  
Kagawaran ng Human Resources

Para sa Agarang Pahayag

## **Hinirang ng Manager ng Lungsod si Linda F. Tatum bilang Assistant Manager ng Lungsod**



Ngayon, inihayag ng Manager ng Lungsod na si Tom Modica ang paghirang kay Linda F. Tatum sa posisyon ng Assistant Manager ng Lungsod. Ginawa ng Manager ng Lungsod ang paghirang matapos ang pagsisikap sa pag-recruit at mga interview sa ilang mga kandidato. Seksyon 201 ng Charter ng Lungsod ay nagbibigay ng awtoridad para sa Manager ng Lungsod na magtalaga ng isang Assistant Manager ng Lungsod at naaayon sa kumpirmasyon ng Konseho ng Lungsod. Isasaalang-alang ng Konseho ang kumpirmasyon ng pagtalaga sa parating na pagpupulong.

“Si Linda ay nanguna sa pagbuo ng mahusay na mga kapitbahayan at mga lugar sa ating lungsod na nagbibigay ng mataas na kalidad ng buhay at nagsusuporta sa iba’t ibang pangangailangan ng ating komunidad,” sabi ni Modica. “Ang kanyang mayaman na kaalaman at maalalahaning diskarte sa pamumuno ay makakatulong sa atin na sumulong sa mga mahirap na oras at gawin ang mga ito na oportunidad para sa ating mga residente, negosyo, at manggagawa.”

Ang Assistant Manager ng Lungsod ay sumusuporta sa Manager ng Lungsod at iba’t ibang mga gawain sa loob ng Opisina ng Manager ng Lungsod. Ayon sa Charter ng Lungsod, ang Assistant Manager ng Lungsod ay binigyan ng kapangyarihan upang maisagawa ang lahat ng tungkulin ng Manager ng Lungsod kung sakaling wala o magkaroon ng kapansanan ang Manager ng Lungsod.

Si Ms. Tatum ay kasalukuyang Direktor ng Development Services para sa Lungsod ng Long Beach, kung saan pinangangasiwaan niya ang Pagpapalano, Kaligtasan ng Gusali, Code Enforcement, Serbisyo sa Bahay at Kapitbahayan pati na rin ang Long Beach Community Investment Corporation (LBCIC), na nagbibigay ng pondo para sa abot-kayang pagbuo ng pabahay sa komunidad. Ang ilang mga pangunahing nagawa niya sa panahon ng kanyang panunungkulan sa kagawaran ng Development Services ay kinabibilangan ng:

- Pagpopondo ng daan-daang mga bagong about-kayang mga yunit ng pabahay sa buong lungsod, sa pamamagitan ng LBCIC.
- Walang katugmang antas ng bagong pag-unlad sa Downtown Long Beach, kabilang ang halo-halong pag-unlad at paggamit ng libu-libong mga yunit ng tirahan, mga kwarto sa hotel at komersyal na mga espasyo.
- Inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang na-update na Elemento ng Paggamit ng Lupain at Elemento ng Disenyo ng Lungsod na gagabay sa pisikal na pag-unlad ng lungsod sa susunod na 20 taon.
- Planning, entitlement and construction of the new Civic Center and entitlement of the private mid-block development.
- Pagpapalano, karapatan at konstruksyon ng bagong Civic Center, at karapatan ng pribadong mid-block na pag-unlad.
- I-update ang ordinansa sa Pagpreserba ng Kasaysayan at pag-restart ng makasaysayang pagtatalaga ng landmark ng Lungsod at mga kontrata sa Mills Act.
- Pagbuo ng bagong Midtown at Southeast Area na Plano.

- Mga pag-aaral at plano para sa paggamit muli ng dating site ng Boeing C-17 bilang Globemaster Corridor Specific Plan.

“Sa loob ng aking limang taon bilang bahagi ng pamilya ng Long Beach, nakita ko kung gaano karami ang magagawa kapag may malakas na pamumuno at isang dedikadong grupo na nakikipagtulungan sa isa’t isa,” sabi ni Tatum. “Nagagalak ako sa oportunidad na maglingkod sa Lungsod ng Long Beach sa kapasidad ng Assistant Manager ng Lungsod, at alam ko na sa pakikipagtulungan ng komunidad, pagsisikap, at sakripisyo ay magtatagumpay tayo at malalampasan natin ang kasalukuyang mga hamon at maipagpapatuloy na bumuo ng mahusay na lungsod.”

Si Ms. Tatum ay may hawak ng master’s degree sa Urban at Regional Planning at may higit sa 30 taong karanasan sa pagpapalano sa pang pribado at pampublikong sektor. Nagsimula siya sa Lungsod ng Long Beach bilang Manager ng Planning Bureau noong 2015 at hinirang bilang Direktor ng Development Services noong 2018. Bago ang kanyang serbisyo sa Long Beach nagsilbi siya bilang Acting Direktor ng Economic At Community Development at Planning Manager para sa Lungsod ng Inglewood, kung saan pinamamahalaan niya ang muling pagpapaunlad ng Forum at ang proyekto sa “Hollywood Park Bukas,” isang 300-acre na halo-halong paggamit ng proyekto na kasama ang 3,000 mga yunit ng tirahan, 30 ektarya ng mga parke, 600,000 sq ft. ng tingi at isang bagong estado ng sining na 80,000-upuan na football istadym at arena. Naglingkod din siya sa mga lungsod ng Culver City at Santa Ana.

Si Rebecca (Becky)Guzman Garner, na pumuno ng papel bilang Acting Assistant Manager ng Lungsod ay hindi kasama sa mga kandidato para sa permanenteng posisyon.

“Gusto kong pasalamat si Becky sa pagtulong at paggawa ng isang kilalang trabaho sa panahon ng paglilipat na ito,” sabi ni Modica. “Siya ay isang malaking tulong, lalo na habang nagtatrabaho tayo sa mga mapaghamong oras na ito.”

Inaasahan ng Manager ng Lungsod ang pag-aanunsyo ng mga pagtatalaga sa maraming iba pang mga pangunahing posisyon sa Lungsod ng kasing aga ng susunod na linggo.

### **Tungkol sa Lungsod ng Long Beach**

Tahanan ng humigit-kumulang na 480,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang

pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, ang Port of Long Beach, pati na rin ang mga award-winning na kagawaran ng Lungsod kabilang ang Kalusugan, Parke, Recreation at Marine, Development Services at iba pa. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 170 parke, milya ng mga beach, mga marina, landas ng bisikleta, at isang Bike Share na programa.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa <http://longbeach.gov/>. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#), at [YouTube](#).

###